LIHAM

SB19

Ang aking mundo ay payapa
Sa 'di malamang dahilan
At noon ay buo kong inakala
Lahat ay ayos na naman

Nang bigla na lang ay dumating ang 'di hinantay
Nagbabalat kayong himala, oh-oh
Mga pasan ay gumaan
Ikaw ang tanging dahilan
Sa'yo lang napuno ng kasiguraduhan

Narito ako, tapat lang at totoo
Pinapangako sa iyo, oh

Ito ang aking liham sa pag-ibig ko
'Di hahayaan na mag-isa ka sa kahit na ano
Ikaw lang ang himpilan ng aking puso
Sa piling mo'y panatag ang buong pagkatao
Ligaya ng aking mundo

Oh, kay rami ng mga bagay
Na hindi natin maintindihan
Sa kabila ng lahat ay pilit nating binabalikan (Oh-woah)
Mga panaginip na inaasam
Ako'y binuo ng mabuti't masamang karanasan
Puno man ng mantsa'y tinuring karangyaan
At gano'n-gano'n na lang
Pagmamahal mo ay walang (Oh)
Anumang pag-aabang kaya habang

Narito ako, magpapagal para sa iyo
Handang isuko ang buo, oh

Ito ang aking liham sa pag-ibig ko
'Di hahayaan na mag-isa ka sa kahit na ano
Ikaw lang ang himpilan ng aking puso
Sa piling mo'y panatag ang buong pagkatao
Ligaya ng aking mundo

Pa'no kaya kung hindi tayo nagkita?
Ang buhay ko'y matatawag pa nga bang buhay?
Sa layo ng bituin, ang tingnan ito'y
Pagtingin sa nakaraang, 'di gunitang tunay
Oh, paumanhin, wala ka man sa alaala ko'y
Habang buhay kitang

Mamahalin, yeah
Iginugom ng bituin
Ikaw lang ang siyang mamahalin
Mamahalin, yeah
Ito ang aking paumanhin
Habang buhay kang mamahalin
Ooh-woah, woah-oh, ooh-ooh, woah
Iginugom ng bituin
Ikaw lang ang siyang mamahalin
Mamahalin, yeah
Ito ang aking paumanhin

Habang buhay kang mamahalin

Ito ang aking liham sa pag-ibig ko
'Di hahayaan na mag-isa ka sa kahit na ano
Liham sa pag-ibig ko
Pinapangako na ang bituin ko ay para lang sa'yo
Ikaw lang ang himpilan ng aking puso
Maging sa hinaharap o nakaraaan, ikaw lang at ako
Oh, aking mundo, woah, oh-oh-oh, ooh-ooh, yeah
Ligaya ng aking mundo

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!